



“Hindi madaling malaman na meron ako nito, pero masaya ako na nagamot ako agad.”

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa gonorrhea:

- Tumawag ng libre sa 1-800-232-4636
- O bumisita sa www.ashastd.org

Gonorrhea:

Ano ang kailangan mong gawin?

Ang iyong katalik ay may gonorrhea.

Isa itong impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik na maaaring mapagaling pa. Maaari ka ring magkaroon ng gonorrhea dahil dito.

Ang iyong katalik ay umiinom ng gamot para sa gonorrhea. Kailangan mo din inumin ang gamot na ito sa lalong madaling panahon.

Ito ang kailangan mong malaman:

- Ang gonorrhea ay madaling gamutin.
- Maaari kang magka-gonorrhea sa pakikipagtalik sa ari ng babae o lalaki o puwit. Puwede din makuha ito gamit ang bibig sa ari.
- Maraming tao ang hindi alam na mayroon silang gonorrhea.
- May mga tao na nakakaramdam ng sakit, hapdi sa pag-ihi o *discharge* (“drip” o pagtutulo).
- Kapag hindi ka magagamot, maaari kang magkaroon ng malubhang sakit, o maaari kang hindi magka-anak.
- Kung ikaw ay buntis at hindi ito agad nagamot, ang gonorrhea ay maaaring makapinsala sa iyong sanggol.

Magpagamot

- Ang pinakamabuting paraan para pagalingin ang impeksyong ito ay pumunta ka agad sa klinika para magpagamot.
- Kung hindi ka makakapunta sa doktor sa mga susunod na araw, inumin ang gamot o punuin ang reseta na ibinigay sa’yo ng iyong katalik.
- Maaari kang magkaroon ng higit sa isang STD ng sabay sabay, mahalaga na pumunta sa klinika at magpasuri kaagad.



Ang sinumang ipinapakita sa mga larawang ito ay pawang mga modelo. Ang mga larawang ito ay para lamang sa mga layuning pang-ilustrasyon.

Paraan ng pag-inom ng mga gamot:

Dapat may dalawang gamot na ibinigay sa iyo. Inumin ito pareho.

Cefixime (400 mg):

Inumin agad ang gamot ng may punong basong tubig pagkakuha nito.

Azithromycin (1 gram):

Inumin agad ang lahat ng gamot pagkakuha nito.

- HUWAG uminon ng antacid (tulad ng Tums o Roloids) isang oras bago inumim ang gamot o di kaya dalawang oras matapos uminom ng Azithromycin
- HUWAG ibigay ang gamot kahit kanino!

Ang karamihan ng tao ay walang problema pagkainom ng gamot.

- Gayunpaman, ang iba ay maaaring makaramdam ng pagkahilo, sakit ng tiyan o pagtatae.
- Ang ilang sa kababaihan ay maaaring magkaroon ng pangangati o pagtulo sa pribadong bahagi ng kanilang katawan.

Ang mga karaniwang problemang ito ay maaaring mawala pagkatapos ng ilang araw. Kung hindi, kumunsulta kaagad sa iyong doktor.

Ang gamot ay ligtas para sa karamihan ng tao.

Gayunpaman, HUWAG inumin ang gamot kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng masamang reaksiyon, pantal, problema sa paghinga, o allergy pagkatapos uminom ng antibiotics. Ang taong may allergy sa kahit anong antibiotics ay maaaring may allergy sa ibang klase na gamot. Kung may allergy ka sa antibiotics, magpa-konsulta sa doktor bago ito inumin.
- Mayroon kang malubhang sakit katulad ng sa bato, puso, o atay.
- Kasalukuyang umiinom ng ibang derisetang gamot, pati gamot sa diabetes.

Magpasuri para sa Gonorrhea.

- Hindi masakit ang pagpapasuri. Kailangan mo lang umihi sa tasa.
- Ang pagpunas ng ari ng babae ay pwede din gamitin sa pagsusuri sa ilang STD. Pwede din gawin ng sarili at ipadala sa klinika upang makuha ang resulta.
- Sinuman ang iyong naging katalik sa huling 60 na araw ay dapat ding magpasuri.

Sa mga kasong ito, mahalaga na kausapin mo agad ang iyong doktor tungkol sa kung ano ang dapat mong gawin.

Kung ikaw ay nakikipagtalik gamit ang bibig sa may gonorrhea, maaaring hindi kasing epektibo ang gamot. Makipag-konsulta sa doktor upang makakuha ng mas malakas na gamot.

Ang gamot ay ligtas para sa iyo kung ikaw ay buntis, ngunit dapat mo pa ring ipasuri sa iyong doktor.

Gaano katagal bago mawala ang impeksyon?

Pitong (7) araw.

Sa 7 na araw pagkatapos inumin ang gamot:

- Mas mabuti na huwag makipagtalik sa ari, bibig o puwit.
- Gumamit ng condom kung ikaw ay nakikipagtalik. Kung hindi, posible na magkaroon ka ulit ng gonorrhea.

Pumunta agad sa doktor, klinika, o emergency room kung ikaw ay:

- Naghihilo
- Nahihirapang huminga
- Sumusuka
- May lagnat

Pumunta sa doktor o klinika:

- May pantal sa isang parte o sa buong katawan
- Mayroong isa o mas maraming masakit o namamagang kasukasuan.

Kung ikaw ay lalaki at:

- Masakit o namamaga ang itlog ng bayag.
- Maaaring kailangan mo ng mas malakas na gamot. Posibleng HINDI sapat ang gamot na ibinigay sa iyo para gamutin ang impeksyon.

- Magpasuri ulit matapos ang 3 buwan at pagkatapos inumin ang gamot para masiguradong hindi ka ulit na-impeksyon ng gonorrhea.

Humanap ng klinika na malapit sa'yo:

- Tanungin ang iyong katalik kung siya ay nagpasuri.
- Bumisita sa www.bedsider.org. I-click ang "where to get it" at ilagay ang siyudad, state, o zip code.
- Tawagan ang CDC hotline sa 800-CDC-INFO o 800-232-4636.